



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

**Tanggapan ng Kalihim**  
**Office of the Secretary**

Trunkline: 632-1361 to 70  
E-Mail: [osec@deped.gov.ph](mailto:osec@deped.gov.ph)  
Website: <http://www.deped.gov.ph>

SEP 01 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 314, s. 2003

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor ng Panrehiyon  
Tagapamanihala ng Paaralan  
Punong Guro ng Pampubliko at Pampridadong Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino ng Miriam College ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Nobyembre 28-29, 2003 sa Deluxe Hotel sa Cagayan De Oro. Ang tema ng seminar-worksyap na ito ay "Mapanuring Pag-iisip sa Wika, Panitikan at Malikhaing Pagsulat".
2. Layunin ng seminar-worksyap na ito na: (a) mapalalim ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Wika, Panitikan, at Malikhaing Pagsulat; (b) mapayaman ang karanasan sa pagtuklas ng mga Pamamaraan sa Panunuring Pampanitikan at sa Integratibong Pagtuturo ng Kaalamang-Bayan at Wika; at (c) magkaroon ng masaklaw na kabatiran sa pagtuturo ng Retorika at Apat na Makrong Kasanayan.
3. Ang registration fee ay Dalawang Libo at Walongdaang Piso (PhP2,800.00) para sa seminar kit, dalawang agahan, tanghalian, meryenda sa hapon at isang hapunan para sa unang araw ng seminar.
4. Ang mga partisipants na magmumula sa mga pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. Ang mga magmumula sa mga pampridadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa punong-guro ng kaniilang paaralan.
5. Para sa iba pang kabatiran, makipag-alam kay Dr. Teresita Perez-Semorlan, Direktor ng Kumperensya, Tserman ng Departamento ng Filipino, Miriam College sa tel. blg. (02) 580-5440 loc. 2028.
6. Hinihiling ang maagang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
EDILBERTO C. DE JESUS  
Kalihim

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO  
SEMINARS  
WORKSHOPS